**INTERNATIONAL NAPASA ( January 21th,2025 )**

## 1)IMPORMASYON SA MGA PAGKONSULTA SA BATAS PARA SA MGA KABABAIHAN

女性のための法律相談のお知らせ

Sa January 27 (Monday) ay isasagawa ang **“Pagkonsulta sa batas para sa mga kababaihan”**. Makakahingi ng payo sa babaeng abogado na may kaugnayan sa mga karapatan, gastusin sa pagpapalaki ng bata at patina rin sa mga problema ng mag-asawa at iba pa. Ang oras sa umaga ay **9:30** at **10:20** at **11:10**, **12:50**, **1:40**, **2:30** at **3:30**. Sa mga taong gustong magpakonsulta ay itala ang①Pangalan ②Telephone Number ③ Nais na oras ng pagkonsulta. At ipadala sa pamamagitan ng **FAX** sa **No. 0463-21-9756.** Ang telepono para sa pagpapatala ay **0463-21-9861 (0463-21-9861) .**

## 2)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa January 26 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA WINTER CONCERT

ウインターコンサートのお知らせ

Sa January 26 (Sunday) ay magkakaroon ng “***WINTER CONCERTS”*** sa Hirashin Cultural Hiratsuka Art Hall ang Hiratsuka Philharmonic Orchestra. Magbubukas ang bulwagang sining mula 1:00 at magsisimula ang pagtatanghal ng 2:00 ng hapon. Ang bayad sa entrance fee ay **¥1,000** at kinakailangang bumili ng ticket ng maaga.

Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **080-3095-3763 ( 080-3095-3763).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

Ｊ－アラートの試験放送のお知らせ

Sa February 12 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng ***J-ALERT*** dito sa Hiratsuka City. Ang ***J-ALERT*** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may

malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong ***J-ALERT*** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9863 ( 0463-21-9863 ).**

## 5)IMPORMASYONUKOL SA WALANG BAYAD NA MATRIKULA SA KOLEHIYO

大学の 授業 科無償化のお知らせ

Mula sa April, 2025 ang tahanang may 3 anak ay malilibre na sa bayarin ng matrikula sa Kolehiyo anuman ang laki ng suweldo ng magulang. Libre rin ang 2 year college course at mga Technical College. Subalit kung ang mag-aaral ay nagta-trabaho na ay hindi na malilibre ang matrikula. Para sa pag-aapply ay makipag-alam lamang sa papasukang Unibersidad.